



PAHAYAG SA MEDIA

PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG: Abril 12, 2021

MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Kristine Roselius, 415.519.5419

Air District, inilabas ang draft na pagtatasa ng panganib sa kalusugan ng AB&I Foundry

Pasilidad, babawasan ang mga panganib sa kalusugan sa ilalim ng pinakanakaprotekta sa kalusugan na panuntunan sa nakakalasong polusyon sa hangin

SAN FRANCISCO – Inanunsyo ng Bay Area Air Quality Management District (Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area) ngayong araw ang paglalabas sa draft na pagtatasa ng panganib sa kalusugan para sa AB&I Foundry na idinisenyo para matukoy at mabawasan ang mga panganib sa kalusugan na resulta ng mga emisyon ng pasilidad.

Isinasaad ng draft na pagtatasa ng panganib sa kalusugan, na iniaatas ng Panuntunan 11-18 ng Air District, na nagdudulot ng higit pang panganib sa kalusugan ang mga emisyon mula sa AB&I Foundry sa East Oakland kaya kailangan ng pasilidad na magsumite sa Air District ng plano sa pagpapaliit ng panganib, at magpatupad ng mga pag-iingat para mabawasan ang pagkakalantad ng nakapaligid na komunidad sa polusyon sa hangin.

“Ang pagtatasang ito ng panganib sa kalusugan ay isang napakahalagang hakbang patungo sa pag-unawa at pagkontrol ng mga nakakalasong emisyon sa hangin, at pagprotektang sa kalusugan ng isang komunidad na dati nang nakakaranas ng matinding pagkakalantad sa polusyon sa hangin,” sabi ni Jack Broadbent, ang tagapagpaganap na opisyal ng Air District. “Nananatiling nakatuon ang Air District sa paghahatid ng malinis na hangin para sa mga residente ng Bay Area na pinakamadaling magkasakit, at patuloy nitong ipaglalaman ang pagkakapantay-pantay sa paghinga.”

Sa ilalim ng Panuntunan 11-18, ang *Pagpapaliit ng Panganib mula sa Mga Nakakalasong Emisyon sa Hangin sa Mga Kasalukuyang Pasilidad*, kinakailangan ng mga kasalukuyang pasilidad na gawin ang lahat ng kinakailangang hakbang para mabawasan ang mga panganib sa kalusugan at ang posibilidad na magkaroon ng cancer dahil sa kanilang mga operasyon. Pinagtibay noong 2017, ang Panuntunan 11-18 ang pinakanakaprotekta sa kalusugan na pag-iingat para sa pagkontrol ng panganib ng nakakalasong polusyon sa hangin sa bansa.

May 60 araw ang publiko para suriin ang pagtatasa ng panganib sa kalusugan at magbigay ng opinyon tungkol dito. Tutugunan ng mga tauhan ng Air District ang lahat ng komento bago nila isapinal ang ulat. Available ang pagtatasa ng panganib sa kalusugan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng mga tauhan sa:

<https://www.baaqmd.gov/community-health/facility-risk-reduction-program/facility-risk-reduction-list>.

Ginawa ang Panuntunan 11-18 para matiyak na hindi magdudulot ang mga emisyon ng mga nakakalasong pollutant sa hangin mula sa mga kasalukuyang pasilidad ng mga hindi katanggap-

tanggap na panganib sa kalusugan sa mga komunidad. Tinatasa ng Air District ang lokal na panganib sa kalusugan gamit ang mga modelo kung saan isinasama ang makabagong kaalaman sa agham mula sa Opisina para sa Pagtatasa ng Panganib sa Kalusugan sa Kapaligiran ng Estado ng California sa mga epekto ng nakakalasang polusyon sa hangin sa mga taong nakatira at nagtatrabaho sa malapit.

Huling nainspeksyon ang AB&I Foundry noong Setyembre 3, 2020, at napag-alamang nakakasunod ito sa mga kasalukuyang kundisyon ng permit nito. Sinimulan na ng pasilidad na magpatupad ng mga pagpapahusay para mabawasan ang mga epekto ng polusyon sa hangin at ma-minimize ang mga amoy.

Ang East Oakland rin ang isa sa ilang komunidad na inaasahang gagawa ng mga karagdagang pagkilos para mapaganda ang kalidad ng hangin sa ilalim ng programang AB 617, na nagdidirekta sa mga lokal na distrito ng hangin na makipagtulungan sa mga pinakaapektadong komunidad pagdating sa mga programa sa pagpapababa ng emisyon at/o kampanya sa pagsubaybay sa kalidad ng hangin. Ang komunidad na ito ay may mas matataas na antas ng pagkakalantad sa kapaligiran at mas maraming kapansin-pansing problema sa kalusugan kumpara sa iba pang lugar sa Bay Area. Sa pamamagitan ng pakikipagtulungan at pagkakaroon ng iisang pang-unawa sa mga lokal na isyu sa kalidad ng hangin, at mga natutunan sa pagbuo sa plano sa pagpapababa ng mga emisyon sa komunidad ng West Oakland, magkakaroon ng matatag na pundasyon para sa pagpapaganda ng kalidad ng hangin at pagpapabuti ng kalusugan sa East Oakland.

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensya na responsable para sa pangangalaga ng kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

###

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)